

Chapter One



Naghihikab na bumaba ng hagdan si Vanessa. Antok na antok pa siya palibhasa nagpuyat na naman siya kagabi kakapanood ng *Koreanovela*.

“Good morning, Bane!” bati sa kanya ni Glenn na kapapasok lamang sa bahay nila. Ginulo nito ang buhok niya nang makalapit sa kanya.

“Ano ba!” Inis na pinalis niya ang kamay nito.

“Si Tita?” balewalang tanong nito na hindi alintana ang pagmamaldita niya rito.

“Aba, malay ko. Kita mo ngang hihikab-hikab pa ang tao, eh,” naiinis na pambabara niya.

Nginisihan lang siya nito at ginulo na naman

ang buhok niya saka dumerecho sa kusina nila.

Gigil na tiningnan niya ng masama ang likod nito.

“Good morning, Tita Liza!” Abot ang boses hanggang sa sala nila kung saan siya naroon.

Napasimangot si Vanessa at sumunod sa kusina.

“May dala ho akong pandesal.” Naabutan niyang inilagay ni Glenn ang paperbag ng tinapay sa mesa. “Mainit-init pa po iyan.”

“Aba naman. Maraming salamat, hijo,” sagot ng ina niyang si Liza. “Pero ba’t hindi mo na lang ’to dalhin sa inyo?”

“Maaga po silang pumasok. Pwede po bang makikape, Tita?” hayagang pag-iiba nito ng paksa.

“Oo naman! Umupo ka rian at hahainan kita.” Bumaling ang ina sa bukana ng kusina kung saan siya naroon. “Ikaw, Vanessa, umupo ka na rin diyan.”

Pahinamad na naglakad siya palapit sa mesa nila at pumuwesto sa upuang nasa tabi ng binata. Doon kasi talaga ang pwesto niya dahil sa kabilang parte ng mesa ay sa dalawa niyang Kuya.

Lalagyan sana siya ng plato ng ina, pero inawat niya ito. “Magpapandesal na lang ako,

Ma.”

“Baka gutumin ka agad...” Tumigil ito nang makitang naglalagay na siya ng hiniwa-hiwang scrambled egg sa loob ng pandesal.

Mabilis niyang isinubo iyon.

“Tsk! Tsk!” liling-iling na turan ng ginang habang pinapanood siyang maganang kumakain. “Bahala ka na nga. Basta damihan mo ang kain mo nang hindi ka gutumin mamaya sa eskwela.”

“Opo,” maikling tugon niya na halos hindi na marinig nang maayos dahil sa bibig niyang puno ng pagkain.

Natatawang napailing-iling din si Glenn habang nakatingin sa kanya.

“Ma, ano pong—Uy, Glenn! Aga natin, ah.” Ang Kuya Kian niya. Bihis na ito ng unipormeng pang-eskwela.

Ito ang panganay nila, fourth year college sa kursong BSMT. Sinundan ito ng bihis na ring si Jerry na tinapik ang balikat ni Glenn saka umupo. Nasa third year college na ito sa kursong Electrical Engineering.

Siya ang bunso at nag-iisang babae. Second year college na siya sa kursong Accounting. Ganoon pa man, sa simula pa lang ay maliwanag na sa kanyang isipan na wala siyang ibang

nais gawin pagtanda kundi ang maging isang mabuting maybahay katulad ng kanyang ina.

Naging napakabuti nitong ina sa kanila kahit mag-isa sila nitong inaalagaan dahil parating nasa barko ang ama nilang seaman. Idolo ni Vanessa ang ina at gusto niya itong tularan.

“Wow! Pandesal! Lumabas ka pa talaga para bumili nito, Ma?” tuwang tanong ni Jerry sa ina. Bihira kasing bumili ng pandesal ang mama nila. Medyo malayo kasi ang bakery, sa labas pa ng village nila.

“Si Glenn ang may dala niyan,” sabi ng ina.

“Ayos!” Nakipag-high five si Kian kay Glenn. “Kung dito ka na lang kaya tumira, pare? Ganoon pa rin naman, halos dito ka na kumakain tatlong beses isang araw. Kulang na lang midnight snack,” biro pa ng panganay nila.

Tumawa lang si Glenn.

Tatlong bahay lang ang pagitan ng bahay nila kina Glenn. Ganoon pa man, mabibilang lang sa daliri ang pagkakataong nakita at nakabatian nila ang mga magulang ng binata. Parati kasing busy ang mga ito. Kung hindi maagang pumasok sa kani-kanyang trabaho ay nasa ibang parte ng Pilipinas o ibang bansa ang mga ito para sa conference o seminar. Parehong doktor ang mga

magulang nito.

“Tumahimik ka nga, Kian. Umandar na naman iyang kabalbalan mo,” saway rito ng mama nila. “Magsikain na kayo at baka mahuli pa kayo sa eskwela. Ikaw naman, Vanessa,” baling nito sa kanya, “bilisan mo riyon at mali-late—”

“Maliligo na po ako!” hiyaw niya at inubos ang natitirang kape. Tumakbo na siya at inilang hakbang ang hagdan upang tunguhin ang banyo nila sa itaas.



Galing library si Vanessa nang mapatigil sa paglalakad dahil sa nakitang grupo ng mga estudyanteng kalalabas lang mula sa counseling room. Kabilang doon si Glenn at ang iba pang kabarkada nito.

Napatigil din ito nang malingunan siya saka tila nagpaalam sa mga kasamahan nito. Nauna nang umalis ang iba.

“Ba’t nasa Counseling kayo?” tanong niya nang makalapit ito.

Napakamot ito sa batok saka siya inakbayan. “Wala iyon. Ano, uuwi ka na ba?” Napasabay na siya sa paglakad nito.

Tumango-tango siya, nanghahaba pa rin ang kanyang nguso. “Ano na nama’ng ginawa ninyong

kapasawayan?”

Natawa ito sa sinabi niya saka ginulo ang kanyang buhok. Agad niyang pinalis ang kamay nito.

“Nahuli kami.”

Nag-angat siya ng tingin dito at tumigil sa paglalakad. “Nahuling ano?” usisa niya.

Saglit siyang pinakatitigan nito saka bumuntong-hininga. “Naninigarilyo.” Nagpatuloy na ito sa paglalakad.

Naiwan siyang nakatayo at sinusundan ito ng tingin. Pagkuwa’y humabol siya.

“Naninigarilyo ka?” Napataas ang boses niya.

“Nasa tamang edad naman na ako.”

Nasa tamang edad na nga ito sa edad na beinte anyos. Magkaedad ito at ang Kuya Kian niya, pero napag-iwanan ito sa pag-aaral dahil parati itong bagsak sa halos lahat ng subjects nito kung hindi man nito iyon idina-drop. Kaya naman nasa 2nd year college pa rin ito ngayon kagaya niya.

Noong una ay schoolmate ito ng Kuya Kian niya, pero na-expel ang binata sa nasabing university dahil na rin sa mga kalokohan nito.

Papalit-palit din ito ng kurso. Ni hindi na nga niya pinagkaabalahang alamin ang kursong

kinukuha nito ngayon. Parang nakikini-kinita na kasi niyang lilipat na naman ito ng course pagkatapos ng semestrong iyon. Kung hindi ito ma-e-expel.

“Nasa tamang edad ka na nga. Pero tama bang manigarilyo kayo? At dito pa yata sa campus?”

Inakbayan siya ulit nito habang patuloy sila sa paglalakad. “Bane, tapos na kaming ratsadahan ni Madam Counselor kanina. Maanong pagpahingahin mo naman ang tenga ko?”

“Gusto mo bang ma-expel na naman? Pasalamat ka nga’t tinanggap ka pa rito, eh.”

“Kung ako nga lang ang masusunod, hindi ko na talaga gustong mag-aral.” Nasa malayo ang tanaw nito.

“Halata naman.”

Natawa ang binata. “Akalain mong hindi lang pala sina Mama’t Papa ang naka-monitor sa pag-aaral ko? Ikaw rin?” biro nito.

Umirap siya. “Bahala ka kung ayaw mong magtapos ng pag-aaral pero iyong sirain mo ang katawan mo sa pagbibisyo? Sumusobra ka na sa pagrerebelde mo,” inis na litanya niya saka binilisan ang paglalakad upang iwan ito.



Malungkot na sinundan ng tingin ni Glenn ang dalaga habang papalayo ito sa kanya.

“Kung sana kapareho ng trato ng mga kapatid mo at ni Tita... ang trato ng mga magulang ko sa 'kin.” Napayuko siya dahil sa naramdamang lungkot.

Nag-iisang anak siya nina Linda at Eddie Castillo na parehong mga doktor. Ganoon pa man, hindi niya maramdaman na espesyal siya kahit nag-iisa lang siyang anak ng mga ito. Ang propesyon ang priority ng dalawa.

Katunayan, hindi rin napag-uukulan ng pansin ng mag-asawa ang isa't isa. Lumaki siyang katulong sa bahay ang kasa-kasama niya. Mga kasambahay na papalit-palit dahil hindi makayanan ang tantrums niya noong bata pa siya.

Mula high school hanggang sa magkolehiyo ay nagrebelde na siya sa pamamagitan ng pagloloko sa eskwela. Kapag kinakausap siya ng mga magulang ay tuwang-tuwa siyang pinapanood ang mukha ng mga itong namomroblema sa kanya. Pero saglit na saglit lang ang tuwang iyon dahil pagkatapos siyang kausapin ay balik na naman sa dati ang lahat.

Hanggang sa kahit sa pagdisiplina sa kanya

ay wala na ring oras ang mga ito.

Kanina nga ay nahuli silang naninigarilyo kaya sila ipinatawag. Pinapapunta ang mga magulang nila, pero sigurado siyang hindi magkakaroon ng panahon ang mga magulang niya para roon. Pagak siyang natawa sa nadamang awa sa sarili. Nanghihinang itinuloy na niya ang paglalakad upang makauwi.

Chapter Two



“**T**ita Liza! May dala po akong inihaw na panga ng isda!” Mula sa kusina ay dinig na dinig ni Vanessa ang boses ni Glenn na siguradong nasa sala. Mayamaya pa ay nasa pintuan na ito ng kusina nila.

“O, nandito ka rin pala, Bane,” bati nito sa kanya nang makita siyang nakaupo roon.

Sa halip na sagutin ay inirapan niya ang binata.

“Ang sarap naman nito, hijo. Maupo ka na riyang at maghahain na ako ng hapunan,” sabi ng mama niya.

Parating ganoon si Glenn kapag pumupunta sa kanila. Parating may dala. Parang anak na rin

ang turing dito ng mama niya. Kasundo rin ng binata ang mga nakatatanda niyang kapatid.

Sa kanilang tatlong magkakapatid ay siya lang ang hayagang nambubunganga rito. Nag-aalala kasi siya sa kapakanan nito. Nanghihinayang din siya sa kinabukasan nito.

“Hay naku, Ma, pagsabihan mo nga ang isang iyan.” Hindi na siya nakatiis.

Tiningnan muna siya ng ina saka nito binalingan si Glenn. Samantala, pinandilatan siya ng huli.

“Bakit? Tungkol saan?”

“Eh, kasi kanina—”

“Napabisita lang naman saglit sa Counseling kanina, Tita Liza. Promise, hindi na po ako bibisita ulit this week,” nakangising sabi ng binata na ikinabusangot ng mukha niya.

“Maano bang paabutin mo na rin ng kahit isang buwan, ha?” balik ng mama niya.

“Susubukan ko po.”

“O siya, siya. Kumain na kayo’t matatagalan daw ng uwi n’ung dalawa dahil may group discussion pa raw sila,” tukoy nito sa mga kapatid niya.

“Kumain na rin po kayo, Tita Liza.” Samantala, napasimangot lalo si Vanessa. Wala talaga siyang

maasahang suporta mula sa mga kapamilya pagdating sa pagdisiplina kay Glenn.

Ayon sa ina, wala raw silang karapatang panghimasukan ang buhay nito, lalo na ang relasyon ng binata sa mga magulang nito dahil pribadong buhay nila iyon. Ang dapat daw nilang gawin ay tratuhin nang maayos ang binata upang kahit paano ay may maayos itong pamilyang nauuwian hindi man beinte-cuatro oras o araw-araw.

Ang mga kapatid naman niya ay ginagampanan ang pagiging mabuting kaibigan o kapatid dito nang sa ganoon kahit paano ay hindi puro barkadang walang kwenta ang nasusuungan nito. Sabi pa ng mga kuya niya, ang pagbabago ay dapat na kusang ginagawa. Hindi iyon ipinipilit sa isang tao kung hindi ay magiging mababaw lang ang pagbabagong iyon. Babalik at babalik din ito sa dati pagtagal.

Ano nga ba ang dapat niyang gawin? Eh, sa gusto niyang sermunan ito kapag may ginawa itong kabulastugan na nababalitaan niya. Siguro naman ay okay lang na may isa sa kanila na hindi ito kinukunsinti. Oo, paninindigan na niyang talaga iyon.

“Ah, busog!” hinihimas-himas ang tiyang sabi

ng binata. “Salamat sa hapunan, Tita. Pwede po bang makinood ng TV?”

“Maano bang umuwi-uwi ka rin nang maaga-aga sa inyo?” Inunahan na niya ang ina sa pagsagot dito.

“Ito namang si Bane. Hindi naman aakyat ng isang-libo ang kuryente n’yo kung makikinood ako ng TV ngayon,” ani Glenn.

Pinagtawanan sila ng mama niya. “Kayong dalawa talaga, oo. Parati na lang kayong nagbabangayan. Pero tama si Vanessa, hijo. Umuwi ka na’t nang makapagbihis ka na. Nakauniporme ka pa.”

Hinatak na niya ang binata patayo at papunta sa pintuan nila.

“Uwi!” sabi pa niya matapos itong palabasin. Agad niyang isinara at ini-lock iyon.

“Wala ka talagang puso, Bane!” sigaw nito mula sa labas.

Natawa na lamang ang mama niya.



Ngingisi-ngisi pa rin si Glenn pagkauwi sa kanila. Kahit pinagsusupladahan siya ni Vanessa ay ramdam niyang ginagawa lang nito iyon dahil concerned ito sa kanya. At ikinatutuwa ng puso niya ang katotohanang iyon.

Napalis ang ngiti sa labi niya at natigil ang paghakbang niya papasok nang marinig ang malakas na boses ng ama. Sa kusina nanggagaling ang boses nito. Napatiim-bagang siya, huminga nang malalim saka ipinagpatuloy na ang paglalakad papunta sa kwarto niya.

“Mabuti naman at naisipan mo pang umuwi,” bungad nito na mukhang naabutan ang pagtalilis niya.

“Hijo, may tumawag dito kanina galing sa school mo. Nahuli ka raw nila kasama ng mga kabarkada mo na naninigarilyo. And worse, sa loob pa raw talaga ng eskwelahan n’yo. Anak naman, kailan ka ba talaga titino, ha?” Tila tumanda ng ilang taon ang mama niya dahil sa nakikita niyang gatla sa noo nito ngayon.

Kahit papaano ay nakokonsyensya rin siya kapag ganoon.

“Umaasa ka pa ba, ha, Linda?” walang amor na sabat ng ama niyang tila nag-aapoy sa galit ang mga matang nakatingin sa kanya.

“Eddie!”

“What? Totoo naman ang sinasabi ko. Pareho lang kayong dalawa. Wala na kayong ibang inihatid sa ’kin kundi problema!”

Pagak siyang natawa.

“And just what do you want to prove with that smirk of yours, young man?” baling ulit ng ama sa kanya.

“Tama lang naman iyon, Dad, di ba? Kung problema lang ang hatid namin ni Mommy sa 'yo, eh, di patas lang tayo.”

“Aba't—”

“Glenn! Wala ka na ba talagang respeto sa amin, ha?”

“If you truly wanted respect, Mom, sana hindi kayo nakikipag-holding hands sa lalaking iyon sa isang pampublikong restaurant,” tiim-bagang na sagot niya rito habang nakakuyom ang mga kamay.

Ilang sandaling napanganga ang mama niya. Napayuko ang ama niya na tila pati ito ay nahihiya sa ginagawang pangangaliwa ng asawa.

“I'm so sick of this family.” Muli siyang lumabas ng bahay nila.

Naglakad-lakad siya na lutang ang isip. Kusang nanumbalik sa isipan niya ang eksena kung saan nakita niya ang inang bumaba mula sa kotse ng kung sino. Pagkababa ng nagmamaneho niyon ay agad umabrisiete ang mama niya rito at pumasok ang dalawa sa isang restaurant. Sinundan niya ang mga ito upang masiguro ang

hinala niya.

Napaismid siya nang makitang hinawakan ng kasama nitong lalaki ang kamay ng kanyang ina nang makakuha na ang mga ito ng mesa. Agad siyang lumabas sa restaurant.

Isinumpa niya ang pamilyang meron siya nang araw na iyon. At mas tumindi ang pagnanais niyang magrebelde dahil doon.

“Hoy, Glenn! Saan ang punta mo?” Ginising ng boses na iyon ang diwa niya. Nang lingunin niya ang may-ari ay bahagya siyang napangiti.

Si Bane...

“Para kang wala sa sarili, ah. Nilagpasan mo lang ako. Nakailang tawag na ako sa 'yo, ngayon ka lang lumingon. At saka, ba't di ka pa bihis?”

“W-wala. Gusto ko lang munang maglakad-lakad. Ikaw, pumasok ka na sa bahay n'yo. Gabina.”

“Nagtatapon lang ako ng basura. Eh, ikaw, ba't di ka pa umuwi? Huwag mong sabihing kanina ka pa naglalakad-lakad dito?”

“Galing na ako sa bahay,” nakayukong sagot niya.

Lumapit ang dalaga sa kanya. “Eh, bakit hindi ka pa rin bihis?”

“Gusto ko nga kasi munang maglakad-lakad.

Tinutunaw ko lang ang sobrang dami kong nakain.” Pinilit niyang ngumiti upang hindi na ito mag-isip pa ng kung anu-ano.

Tinitigan siya ni Vanessa. Nailang tuloy siya. Hindi siya sanay na tinititigan nito. Mas madalas kasing siya ang nakatingin dito.

“Sumunod ka sa ’kin,” sabi nito saka naglakad papasok sa bahay.

Gumaan nang kaunti ang bigat ng loob niya. Napangiti siya habang sinusundan ito ng tingin. Nanigas siya nang lumingon ito.

“Ano pang inginingiti-ngiti mo riyan? Di ba sabi ko sumunod ka sa ’kin?” asik nito.

Napakamot na lang siya sa batok at naglakad na.

Napansin siya ng ina nito.

“Glenn, hijo, nandito ka ulit? Hindi ka pa ba umuuwi?” nagtatakang tanong nito.

“Eh, kuwan po kasi...” Napakamot siya sa ulo.

“Dito muna makikitulog ang isang iyan, Ma. Kasya naman sila d’un sa kuwarto nina Kuya.” Binalingan siya nito. “Kumuha ka na lang ng damit do’n sa aparador n’ung dalawa. Mamaya pa sila uuwi dahil nasa mga kaklase pa raw. Ikaw na’ng bahalang pumili do’n. Umuwi ka nang maaga bukas nang makapagpalit ka ng

uniporme—”

“Sino ba’ng may sabing papasok ako bu—”

“Kung ayaw mong palayasin ulit kita rito ngayon, sundin mo na lang ang sinasabi ko,” banta nito sa kanya.

“Saan po ba ninyo ipinaglihi si Bane, Tita Liza? Masyadong mainitin ang ulo, parang Amazona.”

Tinawanan lang sila ng ina nito.

“Sundin mo na nga lang siya, hijo, at tama naman ang sinasabi niya,” sabi ng ginang.

Chapter Three



“Nga pala, Glenn, sama ka sa ’min bukas. Magbi-beach kami,” aya ni Kian kay Glenn.

Nasa bahay na naman siya ng mga ito at nakikinoood doon ng basketball.

“Oo nga. Wala naman tayong pasok bukas,” dugtong ni Jerry.

“Baka naman ang aga ng alis.”

“Sasama ka na nga lang, mareklamo ka pa,” anang pababa sa hagdan na si Vanessa. Narinig marahil nito ang sinabi niya.

“Ito naman, tuwing makikita mo ’ko mainit agad ang ulo mo.”

“Eh, sa nakakainit ka ng ulo,” asik pa nito sa

kanya at lumapit sa kanila.

Nailayo tuloy niya ang katawan sa daraanan nito. Pinagtawanan sila nina Kian at Jerry.

“Pare, kung sabihan ko kaya sina Tito’t Tita na kuning guardian mo itong si Vanessa? Baka-sakaling tumino ka. Takot na takot ka sa kanya, eh,” tudyong ni Kian sa kanya.

“Kahit bayaran pa nila ako ng beinte mil isang buwan, nuncang pumayag ako, ’no? Tatanda ako nang mabilis sa isang iyan,” sagot ng dalagang umupo sa pang-isahang couch doon habang magkakatabi silang tatlong lalaki sa mahabang sofa.

“Para ka ngang matandang dalaga kung makasuheto ka sa ’kin, eh. Aba’y sino’ng mag-aakalang disiocho ka pa lang?” ani Glenn.

Pinaningkitan siya nito ng mga mata. “Dami mong sinasabi, sasama ka ba o hindi? Sagot!”

“Sasama!” nabigla at wala sa loob na sagot niya.

Pinagtawanan ulit siya nina Kian at Jerry. Napakamot na lang siya sa ulo pagkatapos. “Pambihira naman ’tong bunso n’yo,” reklamo niya sa dalawa.

“Alas seis kami aalis bukas para makarating nang maaga d’on sa resort. Kaya mabuti pa

umuwi ka na't matulog nang magising ka rin nang maaga bukas.”

“Maaga pa, ah!”

“Anong maaga? Alas diez na, oy! Lumayas ka na! Kuya, akin na nga iyang remote.” Mabilis na iniabot ni Kian sa dalaga ang hinihingi nito. “Kanina n’yo pa inaangkin ’tong TV.” Inilipat nito ang channel.

Sabay na tumayo sina Kian at Jerry. “Paano ba iyan, Glenn, mauuna na kaming umakyat. Bahala ka kung magpapaiwan ka pa rito,” ani Jerry.

“Akala ko ba pinapauwi mo na ako para matulog na?” tanong niya kay Vanessa nang sila na lang dalawa roon.

“Oo nga.” Hindi man lang siya nilingon nito.

“Eh, ba’t ikaw manonood pa ng TV?”

“Kahit late akong matulog, kaya kong bumangon pagkarinig ko sa alarm ko. Eh, ikaw? Umuwi ka na nga!”

“Oo na, oo na! Hindi talaga ako malakas sa ’yo. Buti pa sina Tita Liza, Kian at Jerry, mahal nila ako. Samantalang ikaw...” Bubulong-bulong siya habang palayo rito.

“Baka naman masyado mo nang inaabuso ang pamilya nina Liza,” bungad sa kanya ng ama na nasa sala.

“Welcome na welcome ako sa bahay nila,” aniya.

“Kahit na. Huwag mong sagarin ang kabutihan nila sa ’yo,” paalala nito. “Pupunta ako ng Hong Kong bukas para sa isang conference. Umayos ka.”

Pagkaraan ng ilang sandali at wala nang sinabi ang ama ay pumanhik na siya sa kwarto.

Maagang gumising si Glenn kinabukasan upang maghanda para sa beach outing. Masigla siyang bumaba at naabutan ang inang may kausap sa telepono. Nang makita siya nito ay agad nitong ibinaba iyon at hinarap siya.

“Hijo, pupunta ako ng Cebu ngayon, okay?”

Napakunot-noo siya. “Umalis na ba si Dad?”

“A-ah, oo. Kakaalis lang niya,” tila biglang nabalising sagot nito.

“Kaya pala biglang may lakad ka rin. Anyway, bahala na kayo sa mga buhay n’yo. Matatanda na kayo.” Tinalikuran na niya ito.

“Hijo...” Hinawakan nito ang braso niya. “Please forgive me... I just don’t think my relationship with your father can still work.”

Hinarap niya ito. “Kaya lantaran kayong nakikipagrelasyon sa iba?” tiim-bagang niyang pagpapamukha rito.

Napayuko ito. “Do you think he mind? Kahit pa alam na niyang may iba na ako? Hindi pa rin naman. He still prioritizes his career over me. Over us.”

“Kaya ba pati ako ay ipinapahiya n’yo na rin? ’Tapos pangangaralan n’yo ako sa buhay ko? Ni hindi n’yo nga maayos ang buhay n’yo!” Marahas niyang binawi ang braso niyang hawak nito.

“Glenn, anak...” umiiyak nang sambit nito.

It hurt him to see his mother cry like that, and it only added to the pain that he’s feeling inside.

“I hate you, Mom. I hate you both.” Mababa ang boses niya pero mariin. Iyon lang at tinalikuran na niya ito.



“Good morning!”

Napaligon si Vanessa sa pintuan nila dahil sa boses na iyon. At ewan niya kung anong engkanto ang sumapi sa kanya at napatitig siya nang ilang sandali kay Glenn.

Bihira niya itong makitang nakaayos nang ganoon. Kadalasan ay naka-school uniform ito kapag pumupunta sa kanila o hindi kaya ay nakapambahay. Ngunit ngayon ay nakagayak ito nang panlakad. Light blue polo shirt na nakabukas ang mga butones at may puting

T-shirt na panloob. Khaki shorts at simpleng Crocs na sandals.

Ang tanong, bakit ang gwapo nito sa paningin niya ngayon? Napakunot-noo siya. Matagal na niyang alam na magandang lalaki ito, pero hindi ganitong napapatunganga siya rito.

“Siguro hindi ka pa nakapagkape. Parang namumutla ka,” sabi nito habang ginugulo-gulo ang kanyang buhok.

Hindi niya napalis ang kamay nito na kadalasan niyang reaksiyon. Hindi pa rin kasi siya nakakahuma sa bagong damdaming bumangon sa dibdib niya.

“Nasaan na nga pala sila?”

“A-ah, sa k-kusina. Sina Kuya nasa itaas pa.”
At nabulol pa talaga siya. *Pambihira!*

Tiningnan siya nito nang matiim. Hinawakan siya nito sa braso saka dinala sa kusina. Wala pa rin sa sariling nagpaakay naman siya.

“Good morning, Tita Liza! Pinasama po ako nina—”

“Oo nga raw,” nakangiting putol nito sa sinasabi ng binata. “Nag-agahan ka na ba? Kung hindi pa ay kumain ka muna riyan habang inaayos ko itong dadalhin nating pagkain sa resort.”

“Sige po. Salamat!”

Ipinaghila siya nito ng upuan saka pinaupo roon. Siya naman ay parang tangang nakasunod lang dito. Pagkaupo niya ay kinuha ni Glenn ang heater nila at nag-init ng tubig doon.

“O, magkakape ka?” tanong ng ina niya sa binata.

Nagtaka rin si Vanessa, pero hindi pa rin niya mahanap ang dila. Bihirang-bihira lang kasing magkape si Glenn at iyon ay kapag may pandesal lang na kapares.

“Hindi po. Itong si Bane po ang ipagtitimpla ko ng kape. Mukha pong namumutla, eh.”

Binalingan siya ng ina. “Nag-almusal ka na, di ba?”

Nang tingnan niya si Glenn ay nakatingin na rin pala ito sa kanya na tila ba hinihintay ang sagot niya. Nag-init tuloy ang kanyang mga pisngi sa hiya. Paniguradong namumula na iyon ngayon.

“O-opo. Ewan ko ba sa isang iyan at nag-a-assume,” pagmamaldita na lamang niya.

“Kung ganoon, ba’t namumutla ka... kanina?” alangang tanong nito, napansin marahil ang pamumula ng mga pisngi niya ngayon.

“Pwede ba? Ituloy mo na lang iyang

pagtitimpla mo ng kape. Ano naman kung uminom ako ulit?”

Napakamot ito sa ulo. “Naku ikaw, Bane, ha? Kay aga-aga. Huwag naman mainit agad ang ulo mo sa 'kin.” Naglagay ito ng mainit na tubig sa isang mug. “Tita Liza, gusto n'yo rin po ba ng kape?”

“Naku hindi na, hijo. Salamat. Ikaw, Vanessa, huwag mong sanayin ang katawan mo sa parating pag-inom ng kape. Hindi maganda sa katawan iyan. Ke bata-bata mo pa ay baka maadik ka na sa kape.”

Napakamot siya sa ulo. Nang tingnan niya si Glenn ay huling-huli niya itong nakangisi na tila ba tuwang-tuwa itong napangaralan siya ng ina. Nairapan tuloy niya ito.

“Ngayon lang naman po ako iinom ng dalawang beses, Ma. Paminsan-minsan lang kasi magsilbi sa 'kin ang assuming na 'to kaya pinagbibigyan ko lang po,” palusot pa niya.

“Ito lang pala ang makakapagpa-good shot sa 'kin sa 'yo, Bane?” hirit ng binata nang mailapag na sa harapan niya ang mug ng kape.

“Asa ka pa.” Inabot niya ang mug at humigop doon.



Namangha si Vanessa sa ganda ng beach resort. Napakalinis ng dalampasigan at ng tubig. Maputi ang buhangin at napakaganda rin ng araw.

“Tara maligo!” nagtatatakong hiyaw ni Jerry na agad sinundan ni Kian.

“Itong mga batang ’to, oo,” iiling-iling na sabi ng inang si Liza.

“O, ikaw, ba’t nandito ka pa?” baling ni Vanessa kay Glenn na nagmamasid lang sa paligid.

“Tutulungan ko na muna kayong dalhin sa kwarto ang mga gamit natin,” sagot nito.

Tila malalim ang iniisip nito. Parang may bumabagabag dito. At parang bumibigat din ang pakiramdam niya kapag ganitong tila nalulungkot ito. Kagaya na lamang noong gabing naabutan niya itong naglalakad-lakad sa village nila. Ewan ba niya, pero gusto niya talagang mapaayos ang buhay ng binata. At lumigaya itong tunay at lubusan...

Sana maging sapat na kami sa ’yo, Glenn, sa loob-loob niya.

“Okay lang ba ito sa ’yo, ha, hijo?” tanong ng ina niya sa binata nang makapasok na sila sa cottage na nakuha nila. Iyon na lang ang

available dahil fully-booked ang resort.

“Ayos na ayos po, Tita Liza! Huwag n’yo po akong alalahanin. Kung tutuusin, eh, sabit lang naman ako rito. Ako pa ba ang—”

“Hijo, huwag kang mag-isip ng ganyan,” sansala ni Liza rito. “Kapamilya ang turing namin sa ’yo. Kahit kailan ay hindi ka sabit sa amin, okay?”

Tingin ni Vanessa ay nangislap ang mga mata ni Glenn sa luha. “Maraming-maraming salamat po,” sabi nito kapagkuwan.

Tila maiiyak na rin tuloy siya. “Hay, ang drama! Ma, mag-barbecue na tayo?” aya niya sa mga ito.

“Hoy, ikaw, tulungan mo kami. Baka akala mo makakalusot ka na, ha?” aniya sa binatang nakatalikod sa kanila. Pinapalis marahil nito ang nagbabadyang luha.

“Tara! Bilis!” Hinila siya nito palabas ng cottage matapos abutin ang food ware na may lamang iihawin.

Sinabihan niya ang ina na magpahinga na lamang muna at sila na ang bahala sa pagluluto.

“You know what? I envy your family.”

Hindi niya naiwasang tumingin kay Glenn buhat sa pagpapabaga ng uling. Nakadama siya

ng awa rito. Pero alam din niyang hindi nito maa-appreciate ang awa mula sa kahit kanino kaya ngumiti na lang siya at binuska ito.

“Naiinggit ka pa sa lagay na iyan? Eh, halos sa bahay ka na rin namin nakatira!”

Natawa ito sa sinabi niya. “Kailangan ko na bang mag-abot ng food allowance? Magkano ba’ng icha-charge mo sa ’kin?”

Ilang sandali siyang napatitig sa mukha nito dahil doon. Parang kaysarap kasing tingnan ng mukha nitong magaan ang aura at masaya. Iyong totoong masaya. Saka siya napatitig sa mga mata nitong tila nangungusap, sa ilong nitong prominente at matangos, at sa mga labi nitong nakangiti kaya kitang-kita ang mapuputi at pantay-pantay nitong mga ngipin.

Ngunit nang mapansing nakatitig rin ito sa kanya ay napalunok siya, saka iniwas ang mga mata rito.

“Ilagay mo na’yung barbecue. Pwede na’tong baga,” utos niya.

Wala na silang imikan pagkatapos niyon. Nailang bigla si Vanessa dahil sa titigan nila.

Naligo na rin sila sa dagat kasama ng mga kapatid niya matapos kumain.

Chapter Four



"Huwag kayong maglalasing, okay? Maaga tayong babiyahe bukas," paalala ni Liza sa tatlong lalaki.

"Yes, Ma. Good night!" ani Kian.

"Susunod kami agad, Ma." Si Jerry

Ngumiti ang ginang sa kanila. "O siya, good night."

Samantala, inihatid ni Glenn ng tingin ang papalayong si Vanessa na sumama na sa ina. Napabuntong-hininga siya pagkaraan.

"Lalim n'un, ah. May problema ba, pare?" Inakbayan siya ni Kian.

Napayuko siya nang maalala ang pamilya. Buti pa sina Kian at Jerry. Kahit nasa malayo ang

ama ay maayos pa rin ang mga ito. Samantalang ang mga magulang niya, magkasama pa ay nagkakaliwaan na.

“Inom na lang natin, pare,” sagot niya.

“Sige ba. Cheers!” Pinagpingki nila ang kanilang mga hawak na bote. Mayamaya pa ay nagsabi na ang dalawa na matutulog na.

“Hindi ka pa ba magpapahinga, Glenn? Sumabay ka na,” ani Kian.

“Oo nga. Patay ka kay Vanessa bukas kapag hindi ka nagising nang maaga,” banta ni Jerry.

“Uubusin ko na lang ’to. Sige na, mauna na kayo. Susunod ako mayamaya.”

“Okay. Sumiksik ka na lang sa gilid namin mamaya, okay? Maghanda ka nga lang at madalas umutot ’tong si Jerry.”

“O, bakit? Mabango naman ang utot ko, ah.”

Natawa siya sa tuksuhan ng mga ito.

Sandali pa at nag-iisa na lamang siya roon, nakatanaw sa madilim na dalampasigan. Naalala niya ang inang nakikipag-date sa lalaki nito. Parang may sumipa sa tiyan niya sa naramdamang poot sa eksenang iyon.

He hated his mother. And he hated his father for not taking care of them. Most of all, he hated himself for not being enough reason for them

to keep their family together. Tinungga niya ang laman ng hawak na bote ng beer.

Hanggang sa nakailang bote pa siya...

Paekis-ekis na ang bawat hakbang na tinungo niya ang cottage. Pagpasok ay tiningnan niya ang mga nakahiga sa sahig na may saping foam. Hinanap ng mga mata niya sina Kian at Jerry. Nasa bandang kanan ang mga ito. Nahihilong naglakad siya papunta roon.

Nang nasa tapat na siya ng mga ito ay inihakbang na niya ang mga paa sa gilid niyon upang sana ay mahiga. Ngunit halos mga paa na lang talaga niya ang nagkasya roon. Hindi na niya sinubukang sumiksik doon dahil natitiyak na niyang hindi siya kakasya.

Ibinaling niya ang tingin sa kabilang gilid kung saan naroon si Vanessa. Nakasandal ang likod nito sa ina at may espasyo pa sa tabi ng dalaga na maaari niyang higaan. Maluwag-luwag pa iyon dahil nakatagilid si Vanessa. Kinuha niya ang unan na nasa paanan ni Jerry saka tinungo ang espasyong malapit sa dalaga. Doon siya nahiga.

Ilang sandali siyang nakatulala lang sa kisame. Ipinikit niya ang mga mata pagkaraan, pero hindi pa rin siya makatulog dahil sa pasulpot-

sulpot na pigura ng ina kasama ang kalaguyo nito. Tumagilid siya pakanan at tila nawala ang tama ng alak sa kanya nang matunghayan ang maamong mukha ni Vanessa. Ang amo pala ng mukha nito kapag natutulog. Hindi tulad kapag gising ito at binubungangaan siya. Napangiti siya sa naisip. Hinayaan niya ang mga daliring damhin ang mukha nito. Pinaglakbay niya ang mga daliri mula sa nakaarkong kilay nito pababa sa mga mata, sa may katamtamang tangos na ilong, hanggang sa mga labi. At doon kusang tumigil ang tila nagkaisip niyang mga daliri. Ang lambot kasi ng mga labi ng dalaga at parang hinihikayat siyang halikan ito.

Natagpuan nga niya ang sariling marahan itong hinahagkan. Para siyang nananaginip sa bilis ng pangyayari. Iniisip niya pa lang kanina, pero ngayon ay nararamdaman na niya sa mga labi niya ang malalambot nitong labi.

Sandaling-sandali lang ang tila panaginip na iyon dahil itinulak siya ng nagising na si Vanessa. Kitang-kita ang pagkagulat sa mga mata nito. Gumanda lang ito lalo sa paningin niya dahil doon. Inilapit niyang muli ang mukha rito at tila hindi ito nakakilos dahil sa pagkabigla. Nang muling lumapat ang mga labi niya sa bibig nito

ay parang nakalimutan niya lahat ng problema.

“Glenn, ano’ng ginagawa mo?” pabulong na tanong nito matapos siyang muling itulak.

“Kissing you?” wala sa sariling sagot niya.

“Dahil lasing ka?”

“Because I want to.”

Kahit siya ay nagugulat sa nanunulas sa bibig niya. At higit niyang ikinagugulat ang kagustuhang matikmang muli ang mga labi nito. Hahalikan niya dapat ulit ito, pero maagap siyang pinigilan ni Vanessa.

“Glenn, ano ba?” asik na nito sa kanya. “Lasing ka lang, okay? Iintindihin kita, pero itigil mo na ’to. Gusto mo bang pati sa bahay at sa pamilya ko ay masira ka?”

Napakurap-kurap siya dahil sa sinabi nito. At bigla ay nilamon siya ng hiya... at galit sa sarili dahil sa kapangahasang maaaring makasira sa relasyon niya sa tanging pamilyang nalalapitan niya.

Napayuko siya. “I’m sorry. Kalimutan mo na lang na nangyari ’to, please?” pagsusumamo niya. “I don’t want to lose you. I don’t want to lose your family. Kayo na lang ang meron ako.”



Awang-awa si Vanessa sa hitsura ni Glenn

habang humihingi ito ng tawad sa kanya. Sa totoo lang, hindi niya ito kinamumuhian dahil sa ginawa nito. Ayaw na lamang niyang malaman pa iyon ng pamilya niya.

Sinapo niya ang pisngi nito. “You’ll never lose us, okay? Kaya huwag mong sirain ang tiwala namin sa ’yo.”

Tumango-tango ito. Hinawakan nito ang kamay niyang nakasapo sa pisngi nito. “Thank you, Bane. Salamat sa pag-intindi mo.” Binitiwang nito ang kamay niya at tumalikod na sa kanya.

Samantala, dinama niya ng mga daliri ang mga labing hinalikan nito. Si Glenn ang kanyang unang halik. At pinalago ng halik nito ang damdamin niyang umuusbong para sa binata. Ang kaninang kakaibang nararamdaman niya patungkol dito ay nabigyan ng kasagutan.

She’s attracted to him.

Kaya ba ganoon na lang ang kagustuhan niyang mapabuti ito? Sa halip na magalit ay nag-alala siya para rito. Na baka masira ito sa pamilya niya sakaling malaman ng mga ito ang ginawa ng binata.

Nabuo ang pasya ni Vanessa na kung pormal itong manliligaw sa kanya ay bibigyan niya ito ng pagkakataon. Kinikilig na napangiti siya.

Ano nga kaya kung ligawan siya nito? Paano kaya ito manligaw? May pagka-bad boy ang dating nito.

Hay... nangangarap na naisalooob niya saka ipinikit nang muli ang mga mata. Sa panaginip na niya itinuloy ang paglalapat ng kanilang mga labi...



Nag-inat-inat si Vanessa habang naglalakbay ang mga mata niya sa loob ng cottage, hinahanap si Glenn.

“Buti naman at gising ka na. Magkape ka na’t tulungan mo akong mag-ayos ng mga gamit natin nang makauwi na tayo,” sabi ng kanyang ina.

“Nasa’n po sina Kuya? Si Glenn?” Talagang hinanapan niya ng paraan maisingit lang ang tunay na sadya.

“Naliligo na naman ang mga kapatid mo. Bago daw tayo umuwi ay makapagpaalam man lang sila nang maayos sa karagatan. Mga lokong iyon. Nagpalusot pa. Gusto lang namang umiwas sa pagtulong sa ’kin dito.”

“Naliligo din po si Glenn?” tanong pa niya habang nagbubuhos ng 3-in-1 na kape sa hawak na mug.

“Iyan ang hindi ko alam. Paggising ko kanina

ay wala na siya rito. Tulog pa ang mga kapatid mo n'on. Baka naglalakad-lakad sa baybayin."

Napakunot-noo siya. "Ubusin ko lang muna 'tong kape ko, Ma, ha?' Tapos tutulongan na kita rito. Labas lang po muna ako saglit," paalam niya.

"O siya, sige. Huwag kang magtatagal," bilin nito.

"Opo. Babalik po ako agad pagkaubos ko ng kape."

Pagkalabas niya ng cottage ay agad niyang iniikot ang mga mata sa paligid sa pag-asang matagpuan si Glenn. Nang hindi niya ito makita ay naglakad-lakad siya sa dalampasigan habang umiinom ng kape. Huminto siya sa pwesto kung saan tanaw niyang naliligo ang mga kapatid.

Kumaway ang mga ito sa kanya.

"Good morning, bunso!" sigaw ng Kuya Jerry niya.

Napansin niya agad na hindi kasama ng mga ito si Glenn. Nasaan kaya iyon?

"Good morning! Bilisan n'yo raw riyon at uuwi na tayo!" Naglalakad na siya pabalik sa cottage nila nang magtagpo ang mga mata nila ni Glenn. Pabalik na rin yata ito roon.

Naging mabagal ang bawat hakbang niya dahil sa kabang naramdaman. Paano nga ba niya

ito haharapin ngayon matapos ang nangyari? Tumining sa kanya ang pakiusap nito kagabi.

“Kalimutan mo na lang na nangyari ’to, please?”

Huminga siya nang malalim.

Tama. Kailangan niyang umarte na parang walang nangyari. Mas maigi iyon kaysa maging awkward sila sa isa’t isa. Binilisan niya ang paglalakad palapit dito.

“Isa ka pa. Kanina ka pa raw wala sa cottage, ah,” bungad niya rito.

Saglit itong natigilan. Marahil dahil hindi nito inaasahan ang ginawi niya. Tinalikuran na niya ito. “Sumunod ka sa ’kin. Tumulong ka sa ’min ni Mama sa pagliligpit,” hindi lumilingong utos niya rito. Dama niyang nakasunod ito sa kanya.

Napangiti siya. Walang magbabago sa trato nila sa isa’t isa.



Nagkamali si Vanessa. May mga nagbago sa kanila ni Glenn mula nang araw na iyon. Dama niyang iniiwasan na siya ng binata. Hindi na siya nito binabati kagaya ng dati. Hindi na nito ginugulo ang buhok niya kapag pumupunta ito sa kanila. Hangga’t maaari ay hindi na rin siya nito direktang kinakausap. Parang ang mga

kapatid lang niya ang nakikita nito.

Hindi na rin ito masyadong nagtatagal sa kanila kapag sila lang ng mama niya ang naroon. Nahihiya naman siyang direkta itong tanungin. Baka isipin pa nitong nami-miss niya ito nang sobra kahit iyon naman talaga ang totoo.



“Kian! Nood tayo ng basket—” Hindi na naituloy ni Glenn ang sasabihin nang makita siya sa salas. “Si Kian?” tanong nito na tila ayaw makipag-eye contact sa kanya.

“Wala akong sore eyes,” wala sa mood na sagot ni Vanessa rito.

“Ha?” Tumingin ito sa kanya, sa wakas.

“Kung makaiwas ka diyan parang hahawaan kita ng sore eyes,” inis na tugon niya.

Saglit itong napatanga bago muling nagtanong. “Wala pa ba si Kian?”

“Hindi pa umuuwi,” tipid na sagot niya.

“Ah... Sige.”

“Teka nga,” maagap niyang pigil dito.

Tumigil naman ito pero mukhang palabas na kaya siya na lang ang tumayo at lumapit dito.

“Padaan,” aniya pagkatapos itong tabigin upang tuluyan na silang makalabas ng pintuan.

Nang nakaharap na siya rito ay pinagkrus

niya ang mga braso sa dibdib niya habang nakatingin sa mukha nito. Napayuko ito ulit.

“Ako ba iniawasan mo, ha?” nakataas ang babang pang-iinteroga niya rito.

“Hindi naman,” sagot nitong hindi pa rin makatingin sa kanya.

“Kaya ba ang bilis mong umalis kapag wala sina Kuya? Dati-rati naman tumatambay ka pa rin sa amin kahit kami lang ni Mama, ah.”

“Ayoko lang na masyadong makaistorbo.”

“At ngayon ka lang tinubuan ng ganyang klase ng konsiderasyon?” sarkastiko niyang sabi.

“Hindi ba pwedeng magbago?” Tumingin ito sa mga mata niya.

“Pwede ba? Huwag mo akong pilosopohin. Alam kong alam mo ang ibig kong sabihin.”

“Ano ba’ng gusto mong marinig?”

“Iniawasan mo ba ako?”

“Oo,” may diing sagot nito na tila patalim na tumarak sa puso niya.

Hindi siya nakahuma agad.

“Pwede na ba akong umuwi ngayon?”

Umahon muli ang inis sa dibdib niya dahil sa tono nito.

“Ang sabi mo, kalimutan ko nang nangyari iyon. And I did. I acted as if nothing happened.

Nang sa ganoon hindi tayo maging awkward sa isa't isa. Hindi mo naman sinabing kailangan ko rin palang umiwas sa 'yo. Madali naman akong kausap, eh." Pumasok na siya ng bahay pagkatapos at isinara ang pinto.

Tila nagsikip ang dibdib niya. Huminga siya nang malalim upang pahupain ang puso niyang nagririgodon sa galit.

May ginawa ba siyang mali? Inintindi niya ito, hindi ba? Sa kanilang dalawa, siya ang may karapatang umiwas. Siya lang!